GRADE VI

# ANG MGA BATAS SA BANSA



## ALAMIN MO

Basahin at unawain ang kawikaang ito

> "Ang mga batas ay ginawa upang sundin at isagawa."

*Bakit kaya may mga batas?*

*Ano-ano ang maaring mangyari kung walang batas na sinusunod sa barangay, sa bayan at sa bansa? Maging magulo o tahimik kaya ang lugar? Alam mo, magiging maayos, matahimik at masagana ang isang lugar kung may batas na pinaiiral.*

Sa araling ito, matutuhan mo ang mga batas na ipinag-uutos ng barangay, ng bayan lungsod at lalawigan at ng bansa upang mapangalagaan ang karapatan at kapakanan mo at ng bawat isa sa atin.

Handa ka na ba?

## PAGBALIK-ARALAN MO

Pagtambalin ang kolum A at B.  Isulat ang titik ng wastong sagot sa inyong kwaderno.

| A | B |
|---|---|
| 1. Ipinagbabawal ang paggamit ng dinamita sa pangingisda | A. upang mapangalagaan ang kapakanan ng kabataan |
| 2. Ipinagbabawal ang pag-inom ng alak sa mga menor de edad | B. upang mapanatili ang kagandahan at kaayusan |
| 3. Kailangang magbayad ng buwis sa takdang panahon | C. upang maiwasan ang sakuna |
| 4. Sundin ang mga babala sa parke. | D. upang  hindi madamay ang maliliit na isda |
| 5. Sundin ang ilaw-trapiko | E. upang may magugol ang pamahalaan sa paglilingkod sa mamamayan |

## PAG-ARALAN MO

Narito ang uri ng batas na nasa Saligang Batas. Basahin:

**Teksto – I**

**Pambansang Batas**

Ang pambasang batas ay ipinatutupad sa buong bansa.  Tungkulin ng lahat ng mamamayang Pilipino na sumunod dito.

Ito ang batas na ginawa ng Kongreso:

Halimbawa ng mga batas na ito ang sumusunod:

- Batas sa pagbubuwis – ito ay taunang pagbabayad ng buwis batay sa naging kita ng isang tao. Kapag hindi nakapagbayad ng buwis sa itinakdang petsa, may multa o parusa.
- Batas sa ipinagbabawal na gamot. Ito ay nagpapataw ng mabigat na parusa sa gumagamit, nagbibili at nagbubuyo ng ibang tao na gumagamit ng droga.
- Batas sa wastong oras sa pagtatrabaho.  Ang isang kawani o manggagawa ay walong oras lamang dapat magtrabaho. Kapag lumagpas sa walong oras, siya ay may karapatang tumanggap ng “overtime pay.”

- *Saan ginawa ang mga Pambansang batas?*
- *Saan ipinatutupad ang mga ito?*
- *Ilang oras dapat magtrabaho ang isang kawani o manggagawa ng isang tanggapan?*

**Teksto – II**

**Ordinansa - 2**

Ito ay ginagawa sa mga bayan, lungsod o lalawigan at ipinatutupad kung saan lugar ito binuo.

Halimbawa ng mga ordinansa:

- Pagbabawal ng pagtatapon ng basura sa lansangan.
- Pagbabawal ng paninigarilyo sa loob ng pampublikong lugar tulad ng sasakyan, pamilihan at tanggapan.
- Pagtawid sa sadyang tawiran.
- Pagbabawal ng pagtatayo ng sugalan, bar at sinehan na malapit sa paaralan.
- Pagbabawal sa mga sasakyang nagbubuga ng sobrang usok.

- *Saan ginawa ang mga ordinansa?*
- *Saan ipinatutupad ang mga ito?*
- *Magbigay ng halimbawa nito.*

**Teksto – III**

**Kautusang Pambansa**

Binuo ang mga kautusang ito ng mga taong namumuno sa barangay batay sa mga kalagayang dapat bigyang pansin. Ipinatutupad ito sa mga mamamayang sakop lamang ng barangay.

Narito ang mga halimbawa ng batas na ito.


- “Curfew Hour”
- Paglilinis ng kapaligiran
- Pagbabawal ng pagtatapon ng basura sa mga kanal.
- Paghuli sa mga gumagalang aso o hayop

- *Saan ginawa ang mga kautusang pambarangay*
- *Saan ipinatutupad ang mga ito?*
- *Magbigay ng halimbawa nito.*

Tingnan natin kung talagang naunawaan mo ang iyong binasa.  Isulat ang iyong sagot sa angkop na tauhan ng “ Bubble Tree.”

Halimbawa:  Tanong A sa kahon A gayon din sa tanong B at C

*A. Ano ang tatlong uri ng batas batay sa saligang batas?*
*B. Saan ipinatutupad ang mga ito?*
*C. Saan naman ginagawa ang bawat isa?*




**PAGSANAYAN MO**

Paghambingin ang batas pambansa, ordinansa at kautusang pambarangay.  Punan ng datos ang tsart.  Gawin ito sa iyong kwaderno.

| Uri ng Batas | Saan Ipinatutupad | Saan Ginagawa |
|---|---|---|
| 1. Pambansang Batas | | |
| 2. Ordinansa | | |
| 3. Kautusang Pambarangay | | |

## TANDAAN MO

- *May tatlong uri ng batas – ang pambansang batas, ang ordinansa at ang kautusang pambarangay.*
- *Ang pambansang batas ay ipinatutupad sa buong bansa, ang ordinansa sa mga bayan, lungsod at lalawigan at ang kautusan sa mga barangay.*

## ISAPUSO MO

Pumili ng isa sa sumusunod na kalagayan. Isulat ang isagot sa iyong kwaderno.

1. Kailangan mong makarating agad sa iyong pupuntahan ngunit malayo pa ang pook-tawiran tatawid ka ba kahit walang pook-tawiran? Bakit?
2. Nakita mo ang iyong kaibigan ay nagsusulat sa pader. Alam mo na ito ay ipinagbabawal sa inyong barangay. Ano ang iyong gagawin?
3. Ipinagbabawal ang pagtatapon ng basura kahit saan. Inip na inip ka na sa pagdating ng trak ng basura. Tanghali na ay hindi pa sila dumarating. Ano ang iyong gagawin?

## GAWIN MO

Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ang kautusang pambarangay ay ipinatutupad sa ________.
   A. bayan
   B. lungsod
   C. barangay
   D. lalawigan

2. Ang namumuno sa pulong ng Sangguniang Bayan ay ang ______.
   A. pangulo
   B. senador
   C. konsehal
   D. punong bayan

3. Ang ordinansa ay batas na ipinatutupad sa ________.
   A. bansa
   B. bayan
   C. barangay
   D. probinsya

4. Ang kongreso ang gumagawa ng _________.
   A. ordinansa
   B. pambansang batas
   C. pandaigdigang batas
   D. kautusang pambarangay


5. Ang pambansang batas ay dapat sinusunod ng ____________.
   A. mga mamamayan sa barangay
   B. mga mamamayan sa lalawigan
   C. mga mamamayan sa buong bansa
   D. mga mamamayan sa ibang bansa



## PAGTATAYA


Isulat kung anong uri ng batas ang sumusunod. Isulat ang titik ng tamang sagot sa loob ng “Graphic Organizer”.

A. “Curfew hour”
B. Pagsunod sa ilaw trapiko
C. Pagsugpo sa ipinagbabawal na gamot
D. Paghuli sa mga gumagalang aso o hayop
E. Pagbabayad ng buwis sa takdang panahon
F. Pagtawid sa “pedestrian lane” o tawiran ng tao
G. Pagbabawal sa pagtatapon ng basura sa mga dagat at lawa
H. Pagbabawal sa pagbubuga ng labis na usok ng mga sasakyan
I. Pagpapatupad ng “Zero Waste Policy”




**PAGPAPAYAMANG GAWAIN**

Magmasid nang masusi sa inyong pamayanan. Itala sa kuwaderno ang mga suliranin na iyong napansin na inaakala mong nangangailangan ng pagpapatupad ng kautusang pambarangay.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.